


Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 9: Pambansang Buwan ng Mga Sining: Tatak ng Lahi



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 9: Pambansang Buwan ng Mga Sining: Tatak ng Lahi
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rogelio B. Cagol
Editors: Eden Lynne V. Lopez, Ana Lou R. Montilla
Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Taniza
Tagaguhit: Ryan Claire R. Mosende
Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Jogene Alilly C. San Juan
Tagapamahala: Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei A. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

Arts

**Ikaltlong Markahan – Modyul 9:
Pambansang Buwan ng Mga
Sining: Tatak ng Lahi**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kaisa ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang Department of Education (DepEd) na taon taong nagdiriwang ng National Arts Month (NAM) tuwing Pebrero. Layunin sa pagdiriwang na ito ay ang mapayaman ang taglay na likas na kakayahan ng mga Pilipino sa sining lalo na ang mga kabataan. Dito ay ipinakikita ang iba't ibang likhang-sining ng mga mag-aaral, indibidwal at organisasyon sa loob ng paaralan at komunidad. Tuwing buwan ng Pebrero ay hinihikayat ng mga paaralan ang kanilang mga mag-aaral na lumahok sa iba't ibang gawain tulad ng Art Exhibit upang bigyang-pugay ang mga alagad ng sining at hikayatin ang lahat sa bawat panig ng komunidad na linangin ang sariling kakayanan sa paggawa ng sariling likhang-sining.

Sa modyul na ito, tayo ay matututo kung paano makilahok sa school/district exhibit at culminating activity sa pagdaraos ng National Arts Month (A5PR-IIIh-3) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- A. Natutukoy ang kahalagahan, mga hakbang, kagamitan at likhang-sining na maaaring gamitin sa exhibit o culminating activity ng National Arts Month.
- B. Nakakalahok sa school/district exhibit at culminating activity sa pagdaraos ng National Arts Month
- C. Naipagmamalaki ang mga sariling likhang-sining.



Subukin

Tukuyin kung ano ang mga dapat gawin bago sumali sa school/district culminating activity sa pagdaraos ng National Arts Month? Lagyan ng tsek (✓) ang mga dapat gawin at ekis (x) ang hindi dapat.

1. Magpaalam sa magulang.
2. Gumawa ng mainam na plano kung paano isaayos ang mga likhang-sining.
3. Makiusyoso sa mga paghahandang ginawa ng iba.
4. Magtanong sa guro kung ano ang dapat gawin.
5. Punahin ng hindi maganda ang plano ng iba.
6. Ihanda ang mga gawang isasali sa exhibit
7. Huwag lumahok sa anumang mga gawain sa paaralan o sa klase.
8. Ang mga likhang-sining ay ipatong sa kung saan-saan.
9. Kolektahin ang mga gawang likhang-sining para magamit sa exhibit.
10. Huwag ikonsulta sa kaklase ang iyong plano para sa pagsagawa ng exhibit.

Aralin

1

Pambansang Buwan ng Mga Sining: Tatak ng Lahi

Layunin sa pagdiriwang ng National Arts Month ang mapayaman ang taglay na likas na kakayahan ng mga Pilipino, lalo na ang mga kabataan, sa sining.



Balikan

Kilalanin ang mga likhang-sining na ginawa mo sa mga nagdaang araw na maaaring isali sa exhibit na nasa hanay A at ang katawagan nito sa hanay B. Isulat ang titik ng iyong sagot.

A

B

1.



a. painting

2.



b. recycled paper wallet

3.



c. mobile art

4.



d. paper mache



Tuklasin

Panuto: Pag-aralang mabuti ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.



Mga Tanong:

Pamilyar ba sa iyo ang larawang ito? Anong pagdiriwang ang idinadaos na ipinakikita nito? Gusto mo bang makilahok sa ganitong gawain? Bakit mo nasabi?



Suriin

Ang unang araw ng Pebrero ay ang pagsisimula ng pagdiriwang ng National Arts Month na ating ipinagdiriwang tuwing buwan ng Pebrero taon-taon.

Kaisa ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang Department of Education (DepEd) na taon taong nagdiriwang ng National Arts Month (NAM) tuwing Pebrero. Layunin sa pagdiriwang na ito ay ang mapayaman ang taglay na likas na kakayahan ng mga Pilipino sa sining lalo na ang mga kabataan. Ang NCCA ay naghanda ng mga programa at aktibidad sa buong Filipinas. Dito ay ipinakikita ang iba't ibang likhang-sining ng mga mag-aaral, indibidwal at organisasyon sa loob ng paaralan at komunidad. Tuwing buwan ng Pebrero ay hinihikayat ng mga paaralan ang kanilang mga mag-aaral na lumahok sa iba't ibang

mga gawain tulad ng Art Exhibit upang bigyang-pugay ang mga alagad ng sining at hikayatin ang lahat sa bawat panig ng komunidad na linangin ang sariling kakayanan sa paggawa ng sariling likhang-sining.

Sa ating *Schools Division* o kahit sa ating paaralan ay maroon ding mga aktibidad na kung saan ang lahat ng mga angking-talento ng kabataang Pilipino ay nailalahad. Layunin ng NCCA na hikayatin ang bawat Filipino upang makiisa sa iba't ibang sining sa bansa at matuto tayong magpahalaga sa bawat likhang-sining at sa pagiging malikhain ng ating lahi lalong lalo na ang ating mga kabataan. Kung kaya't ang ating mga likhang-sining na nagawa sa mga nakaraang modyul o klase ay ating kokolektahin para tayo ay makibahagi at makilahok sa culminating activity ng National Arts Month.

Mga Gabay sa Pagsasagawa ng Isang Art Exhibit:

1. Tukuyin ang mga layunin at tema ng isasagawang Art Exhibit. Kung mayroon nang tema, pag-isipan kung anong mga likhang-sining ang maaaring isama o gawin para sa Art Exhibit.
2. Gumawa ng iskedyul kung saan nakapaloob ang mga petsa, gawain, kagamitan, halaga (budget) at iba pang detalye.
3. Kolektahin o tapusin ang mga likhang-sining na ipapakita.
4. Gumawa ng lay-out kung saan at paano aayusin ang mga likhang-sining. Ito ay magagawa natin sa pamamagitan ng pagsasabit ng ating mga likhang-sining sa isang bahagi ng paaralan. Maaring gumamit ng dingding, display boards o sa pamamagitan ng paghilera ng mga likhang-sining sa ibabaw ng mesa upang ang mga ito ay madaling makita ng mga manonood. Pumili ng lugar na maaliwalas at may naangkop na espasyo ng maisayos ng kaaya-aya ang mga likhang-sining.
Maaari ring maghanda ng mga impormasyon tungkol sa mga likhang-sining na pang-display gaya ng mga labels o banners na nagpapakita ng titulo at kung sino ang lumikha. Maaaring idikit ang mga ito sa tabi- sa dingding, display boards o mesa kung saan ipapatong ang mga likhang-sining. Maari rin itong interactive gaya ng mga slideshows o mga maigsing video tungkol sa mga likhang-sining na ipapalabas gamit ang laptop, tablet or TV screen sa tabi ng mga likhang-sining.
5. Ihanda ang mga pubmats, posters at iba pang mga materyales na pang-promosyon. Maaring i-print at i-display ang mga ito sa campus o i-share sa social media.
6. Ihanda ang sarili sa mga maaaring itanong ng mga taong dadalo sa art exhibit. Kailangang maipaliwanag ang mga detalye ng mga likhang-sining gaya ng kung anong materyales ang ginamit, kung ano ang inspirasyon o tema sa paggawa, at iba pa, kung sakaling may magtatanong mula sa mga dadalo.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Tukuyin sa loob ng kahon kung alin sa mga ito ang mga kagamitan o mga likhang-sining na puwedeng maipakita sa culminating activity or exhibit. Isulat ang sagot sa tamang espasyo.

<i>paper – mache</i>	<i>glue gun</i>	<i>magazines</i>
<i>paper beads</i>	<i>acrylic paint</i>	<i>krayola</i>
<i>landscape painting</i>	<i>mobile art</i>	<i>paper beads</i>
<i>linoleum</i>	<i>okra print</i>	<i>wall decor</i>

Mga kagamitan	Mga likhang-sining


Gawain 2

Gumawa ng plano para sa paglahok mo sa culminating activity sa iyong distrito o sa National Arts Month. Punan ang mga kinakailangan sa talahanayan. Isagawa ang iyong plano para ikaw ay makalahok sa eksibit o sa culminating activity para sa National Arts Month.

Paalala: Kapag hindi pa mawala ang epidemya, maaaring gawin ang iyong eksibit sa loob ng bahay. Kunan lang ng larawan gamit ang iyong cellphone at ibahagi sa guro sa pamamagitan ng *facebook* o *gmail*.


Petsa	Gawain	Kagamitan	Halaga

Disenyo ng Iyong Exhibit



Gawain 3

Pumili ng isa sa mga nagawa mong likhang-sining na maaaring iyong maipagmalaki. Kunan ito ng larawan at idikit sa loob ng kahon sa ibaba. Pagkatapos, isulat sa nakalaang patlang ang iyong saloobin ukol sa obrang napili.





Isaisip

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na mga parirala. Isulat ang sagot sa patlang.

Ang natutunan ko sa araling ito ay _____

Aking napagtanto na _____



Isagawa

Gumawa ng isang sanaysay tungkol sa positibong epekto dulot ng iyong pakikilahok o pagsali sa mga exhibit o culminating activity ng National Arts Month. Isulat ito sa loob ng kahon. Sumangguni sa rubriks na makikita sa pahina para sa kaukulang puntos.

Rubrik sa Pagsusuri ng Sanaysay: Positibong Epekto ng Paglahok sa National Arts Month

Pamantayan	5	3	1	Marka
Kalinisan at Kahalagahan	Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis	Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay	
Istilo	Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa	Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa	Walang kalinawan at pagkamalikhain	
Tema	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan	Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman	



Tayahin

Tukuyin ang pahayag sa bawat aytem, kulayan ng dilaw ang bituin kung ang pahayag ay tama at pula naman kung ang pahayag ay mali.

- ★ 1. Ang National Arts Month ay idinaraos tuwing buwan ng Pebrero.
- ★ 2. Layunin ng National Arts Month ay ang maipakita ang galling ng bawat isa sa larangan ng sining.
- ★ 3. Ang mga likhang sining na magaganda lamang ang maaaring ilahok sa Exhibit.
- ★ 4. Kailangang hikayatin ang lahat na sumali at makiisa sa pagdiriwang ng National Arts Month upang punahin at pagtawanan ang likha ng iba.
- ★ 5. Mainam na pagandahin ang ginagawang art exhibit gamit ang mga recyclable na bagay upang makatipid at makatulong sa kalikasan.
- ★ 6. Nakakasagabal sa pag-aaral ang pakikilahok sa National Arts Month na mga gawain.
- ★ 7. Magandang kaugalian ang ipagmalaki ang sariling likhang sining.
- ★ 8. Ang National Arts Month ay ginagawa lamang sa loob ng paaralan at hindi na dapat pang ipagdiwang sa tahanan at kumunidad.
- ★ 9. Kaisa ng DepEd ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa paglinang ng kakayahan ng mga kabataan sa sining.
- ★ 10. Ang painting, mobile art at paper mache ay ilan lamang sa mga gawang maaaring isali sa isang art exhibit.



Karagdagang Gawain

Gumawa ng isang simpleng poster ng iyong sariling konsepto sa pagdaraos ng susunod na National Arts Month. Ilagay ito sa kahon sa ibaba.



Susi sa Pagwawasto

Isagawa
Sumangguni sa Rubriks

Tayahin

1. ★
2. ★
3. ★
4. ★
5. ★
6. ★
7. ★
8. ★
9. ★
10. ★

Pagymanin

Gawain 1

Mga kagamitan	Mga ikhang-sining
Glue gun	Paper-mache
Magazines	Paper beads
Acrylic paint	Landscapes
Krayola	Painting
Linoleum	Okra print
	Mobile Art
	Wall decor

Gawain 2
Iba-iba ang tugon

Gawain 3
Iba-iba ang tugon

Subukin

1. ✓
2. ✓
3. X
4. ✓
5. X

Balikan

1. B
2. C
3. D
4. A

Tuklasin
National Arts Month / Culminating Activity

Dahil bilang isang mag-aaral dapat tayong lumahok sa anumaman aktibty sa ating paaralan na siyang lalong lumiliang sa ating kakayahang sa ating kakayahang sa paggawa ng likhang sining.

Sanggunian

Copiano, Hazel P., Halinang Umawit at Gumuhit 5: Vibal Group, Inc. 2016 pahina 124, 137 at 160

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph